Pangalan:________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:________________ Petsa Nang Natapos:_____________ Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Ang Kaugnayan ng Lokasyon sa Paghubog ng Kasaysayan ng Bansa**

**I. PANUTO**: Bilugan ang titik ng tamang.

1. Ano ang ibig sabihin ng akronim na **APEC**?
   a) Asia-Pacific Economic Cooperation
   b) Asia-Pacific Entrepreneurial Cooperative
   c) Association of Pacific Economic Cooperation
   d) Association of Philippine Environmental Company

2. Alin sa mga sumusunod ang **TAMA** tungkol sa lokasyon ng bansang Pilipinas?
   a) Ang lokasyon ng Pilipinas ay matatagpuan sa Gitnang Asya.
   b) Ang lokasyon ng Pilipinas ay estratehiko sapagkat ito ay hindi napapalibutan ng anyong-tubig.
   c) Ang lokasyon ng Pilipinas sa mundo at katatagpuan lamang ng maipapagmamalaking anyong lupa.
   d) Ang lokasyon ng Pilipinas sa mundo ay katatagpuan ng mga saganang yamang likas, maipagmamalaking anyong lupa at anyong tubig, mainam na panahon at klima, at malawak na baybayin at daungan.

3. Alin sa mga sumusunod ang impluwensiyang dala sa atin ng mga ***Arabe***?
   a) *jade*, salamin at porselana
   b) pagkain ng noodles na udon
   c) pagkamatiisin
   d) tapete o telang inilalagay sa mesa at kagamitang yari sa bronse

4. Ang lokasyon ng Pilipinas bilang isang bansang _____________ ay mayroong mabuti at masamang epekto sa buhay, ari-arian, kabuhayan, at pag-unlad ng mga Pilipino. Alin sa mga sumusunod ang tamang salita na bubuo sa pangungusap?
   a) arkipelago
   b) mahirap
   c) mayaman
   d) Wala sa nabanggit.

5. Alin sa mga sumusunod ang **TAMA** tungkol sa kalamangan ng insular na lokasyon ng Pilipinas?
   a) Nakapagbibigay ito ng yamang-dagat.
   b) Ang Pilipinas ay bahagi ng Pacific Ring of Fire.
   c) Hindi nababantayan ang pagpasok ng mga ilegal na produkto sa mga daungan at pantalan.
   d) Kulang ang tauhan at depensa na magbabantay sa lahat ng dagat na nakapalibot sa Pilipinas.

**II. PANUTO:** Punan ng tamang salita ang bawat patlang mula sa mga salitang makikita sa kahon upang mabuo ang pahayag. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Espanyol | Moluccas | Estados Unidos | Kristiyanismo |
| 300 | ekspidisyon | | |

Noong ika-16 siglo, naglayag sa mga karagatan ang mga _____________ upang tumuklas ng bagong ruta, mula kanluran patungong silangang bahagi ng mundo, patungo sa pulo ng pampalasa: ang _____________ sa Timog-silangang Asya. Ang kanilang paglalayag ay may layunin din na makahanap ng mga bagong lupain, makamit ang karangalan para sa sarili at bansa, at maipakalat ang relihiyong _____________. Sa kanilang paglalayag sa mahabang panahon ay napadpad sila sa ilang mga pulo sa Pilipinas. Naakit sila sa kagandahan ng lokasyon at sa likas na yaman nito. Hindi nagtagal ay sunod-sunod na dumating ang iba pang _____________ gamit ang panibago at mas maikling ruta na kanilang natuklasan. Sa loob ng mahigit _____________ taon, naranasan ng Pilipinas ang napakahaba at masalimuot na kasaysayan at pananakop sa ilalim ng bansang Espanya.